

Pantayong Pananaw: Kasaysayang Pampook, Pambayan at Pambansa

Zeus A. Salazar

Paunang Salita sa
“*Katutubo, Muslim, Kristyano:
Palawan, 1621-1901*” ni Nilo S. Ocampo*

I kinagagalak namin sa Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan (BAKAS) ang paglabas ng aklat ni Propesor Nilo S. Ocampo bilang pinakaunang publikasyon ng aralang-grupo. Natuwa akong hindi na itinuloy ng may-akda ang pagsasalin ng kanyang libro upang ito’y mailathala at mabasa kahit na nga sa wikang Ingles man lamang. Sa palagay ko at sa palagay rin ni Propesor Ocampo balintuna ang magpasabanyaga nang ganito. Kung maaari lamang ay dapat sigurong ipaubaya ang pagsasalin at pagsusulat sa wikang Ingles sa mga Amerikano at sa iba pang sakop ng diwang Anglo-Amerikano. Kakaunti na nga ang nagsusulat ng mga maka-gham na babasahin at pag-aaral na pangkasaysayan sa sariling wika. Kung lagi na lamang na mapipilitan ang mga kumakatha sa larangan ng agham sa Pilipino na isalin (o kaya orihinal pa ngang isulat) sa Ingles ang kanilang mga akda, papaano natin madaragdagan ang sariling produksyong pang-gham at mapapayabong ang sarili’t naangking kaalaman? At paano natin mailalantad ang ipokritang pangangatwiran na hindi pa raw maaaring magturo sa Pilipino dahil wala pa raw na babasahing pang-gham sa wikang ito.

Isa sa mga kalunus-lunos na epekto ng ating hindi pa rin nababagong sistema ng edukasyon ang pagpupumilit ng karamihan sa mga “may pinag-aralang Pilipino” na magsusulat sa Ingles *kahit ito’y para sa mga Pilipino mismo*. Ito ang pinakamadaling gawin para sa kanila. Bakit pa nga naman magpapakahirap na gumawa ng mga akdang pang-gham sa sariling wika, gayong mas madaling isulat ang alinmang natutunan sa Ingles sa wika ring iyon. Kung ano ang ipinasok sa kanilang utak ay siya ring lalabas doon — kahit na ito’y nagdaan sa isang pang-unawa, dahil sa ang pag-unawa mismo’y hindi nakasalalay sa sarili’t katutubong tradisyon.

Di tulad sa ibang bansa, ang pagpapakadalubhasa sa atin ay nangangahulugang unti-unting pagkakahiwalay ng nag-aaral sa sariling kalinangan at katutubong daigdig patungo sa ibang kalinangan at banyagang daigdig. Ang nagdadalubhasa’y natututo hindi lamang ng isang pandalubhasang wika kundi, kasabay nito, ng isang bagong wika at napapapasok sa ibang mundo. Kaya’t ang dalubhasa at “edukadong” Pilipino’y napapahiwalay sa kanyang bayan nang dalawang beses. Ang una’y normal at kahawig sa nangyayari sa ibang bansa: ang dalubhasa’y natututo ng ispesyal na wika ng kanyang agham o ispesyalisasyon. Ang pangalawa’y kahawig sa pagiging *hiwalay* at *iba* ng mga dalubhasa’t “edukadong” Europeo noong Kalagitnaang panahon, nang ang wikang pang-edukasyon ay Latin, sa kani-kanilang mga bayan: ang “edukadong” Pilipino ay napapasama sa ibang kalinangan, nagiging bahagi ng ibang pagpapalitan ng damdamin, isip at layon.

* Kolonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1985, walang pahinasyon.

Ito ang dahilang istruktural kung bakit hindi tayo makabuo ng isang tradisyong intelektuwal at pang-agham. Ang akala ng mga “nakapag-aral ay mayroon na tayo nito — iyon ngang napag-igiban nila ng anumang naangkin nilang “kaalaman.” Kaya kung makaaambag sa isang agham o makalilikha man sila sa isang sining mangyayari ito sa loob na nga ng tradisyong iyon, na kung saan sila ay nagdaan, nahulma at lumabas. Walang alinlanga’t sa Ingles sila kakatha. Kahit na sa kasaysayan, na siyang agham-panlipunang napakaimportante sa pagbubuo ng isang sariling pambansang kamalayan. Mula kay Zafra hanggang kay Agoncillo’y sa Ingles ang ating pagkakaalam sa pagiging isang bansa, sa nakaraan (at tinutungo) ng bayan.

Katunayan ay isang mini-bahagi lamang tayo, sa kabuuan, ng istoryograpiyang Amerikano, katulad ng pagiging mini-bahaging pang-“local color” ng literaturang Amerikano ng ating panitikan sa wikang Ingles (sa kabila ng pagtatangka ni Nick Joaquin na iugnay ang ilang tema sa panahong Kastila). Sa gayo’y hindi nakapagtataka na sa Amerika pa nagdadalubhasa ang mga istoryador na Pilipino at halos kasindami ng mga Pilipino ang mga “ekspertong” Amerikano sa kasaysayang Pilipino.

Totoo’t makabubuo rin (at nakabuo nga sa halimbawa ni Agoncillo), sa kabila ng pagkakagapos sa tradisyong Amerikano, ng isang punto-de-bistang Pilipino, subalit — gaya ng itinawag sa penomenong ito — “punto-de-bista” nga lang talaga at hindi sariling tradisyon! Bukod sa rito’y nakasulat pa sa Ingles at ipinahayag bilang pananaw na natawag ko na sa ibang lugar na pang*kami*, kung ihahambing sa mga pangkasaysayang pananaw na *pantayo* at *pansila*.

Ang implisitong pananaw na pangkasaysayan ng lahat ng mga Kanluranin (at lahat ng mga bansa’t kabihasnang may pagpapahalaga sa sarili) ay *pantayo* — ibig sabihin, lahat ay inuunawa at pinaiikot sa sariling pagkabansa at pagkasibilisasyon. Nakatuon ang pagsasalaysay sa mga kasapi ng kabuuang kultura na inilalahad ang kasaysayan. Kung ang kasaysayan ay Pranses, sa mga Pranses mismo ipinaliliwanag at inilalahad ng istoryador na Pranses ang kanilang sariling kasaysayan. Kaya katawa-tawa sa ganitong konteksto ang tawagin halimbawa si Juana ng Arco na “Gabriela Silang ng Pransya.” Wala rin sa kanila ang tinatawag na “unang Pranses” na gumawa ng ganito o ganyan. At lalong balintuna ang magpahayag ng isang “punto-de-bistang Pranses,” sapagkat para sa kanila iyan na nga ang batayang punto-de-bista at wala nang ibang pang-unawa at pagpaunawa riyang kundi iyong sa Pranses at para sa Pranses. Mangyari pa, sariling wika lamang ang maaaring wika ng ganyang pananaw.

Kaakibat ng ganitong batayang-punto-de-bista ang pang-unawang *pansila*, yaong kakayahang usisain ang kasaysayan ng mga ibang bayan, bansa at kalinangan mula sa mga sariling konsepto’t kategoryang pangkaisipan (*pantayong pananaw*) at mula sa sariling pangangailangang mapalawak ang kaalaman ng kabuuang pambansa. Bawa’t bansang may sariling tradisyong pangkaalaman ay nagpapalawak din ng kaalamang ito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng ibang mga kalinangan sa mga kababansa at kababayan *sa sariling wika*. Kaya nga’t ang mga ensiklopedia, tekstbuk, librong panturista, kasaysayan ng ibang mga bayan at bansa, at lahat-lahat na tungkol sa banyaga ay nakasulat *sa sariling wika*, para sa mga kababayan at kakultura. Sa ganito’y kabalintunaan halimbawa ang magkaroon ng isang ensiklopediang Pilipino sa Ingles. Hindi rin natin maaangkin ang Blair and Robertson, dahil sa

Mula sa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan, eds. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000, 35-53.

ito'y isang produktong pansila ng mga Amerikano sa kanilang paghahangad na mapalawak ang kaalaman ng bansang Amerikano tungkol sa bagong kolonya nito, ng Pilipinas. Kailangan pa natin samakatuwid ang isang koleksiyong monumental na *pantayo* ng mga dokumento hinggil sa ating kasaysayan na dapat ilahad sa punto-de-bistang *pantayo*.

Hindi na kailangan ang batayang-pananaw na pangkayo. Subalit ito'y implisito paminsan-minsan sa paglalahad ng pansila, laluna kung ang mga produkto ng pansilang pananaw ay magpapatungkol sa (at tinatanggap o pinahahalagahan ng) tinutukoy na bayan, bansa o grupo ng tao. Para sa bayang Pilipino'y ito ang punto-de-bista ng mga akdang pansila ng Amerikano at Kastila hinggil sa Pilipinas at mga Pilipino. Ito halimbawa ang batayang-pananaw na implisito sa pandalawahang panahong pilosopiya ng kasaysayan ng mga Kastila hinggil sa Pilipinas, sa nagsasaad na pumunta sila sa ating bansa upang tayo ay kristiyanisahin at sibilisahin.¹ Ganoon din ang masasabi hinggil sa umiiral pa rin sa ating mga historyador na pag-aralan ang mga paksang kagaya halimbawa ng "colonial desk" (ng Amerika), administrasyon ng isang gobernador heneral (Amerikano man ito o Kastila), atbp. Sa pakiwari ko'y pagtanggap ito ng pangkayo (at pantayong) pananaw ng mga Amerikano hinggil sa kasaysayang Pilipino.

Ang pagtanggap at pagsalungat sa pangkayong kapangahasan ng isang mananakop na bansa na itakda kung ano o papaano ang takbo ng kasaysayan ng isang sakop na bayan ay siyang simula ng isang pantayong kamalayan nitong huli. Datapwa't sa baitang na ito, ang kadalasang manaig muna ay isang pananaw na pangkami. Sa "ganiyan kayo" ng mananakop isinasagot ng sinasakop ang "hindi, ganito talaga kami." Ito ang kahulugan ng "pananaw na pantatluhang-panahon" ng Propaganda at Rebolusyon bilang sagot sa idyolohiyang kolonyalista ng mga Kastila.² Subalit, upang maintindihan ang pasalungat na sagot, kinailangang makipagtunggali ang mga Pilipino sa wika ng mananakop, Kastila man ang mga ito o Amerikano. Kaya Kastila ang wika ng Propaganda at ang bahaging mahilig makipag-aregluhan ng Rebolusyon. Kaya sa wikang Ingles ang buong "paglaya" (mula 1900 hanggang 1946) at ang kasalukuyang pakikipagtunggali sa mga Amerikano. Abalang-abala kasi tayo sa pagpapakita sa kanila kung sino tayo, bagay na kadalasan ay hindi pa nga natin natitiyak (*krisis ng kakanyahan*), dahil sa lagi tayong nakatuon sa kanila at hindi natin ibinabaling ang pansin sa ating sarili, sa isa't isa, upang makita natin sa wakas na *ang tunay na paksa* ng ating kasaysayan ay hindi ang pagparito nila kundi *tayo*, anuman ang sabihin ng iba hinggil sa atin, anumang isipin o maipupuwersa nilang papel sa ating kasaysayan.

Sa kasamaang-palad malayo pa tayo sa pantayong baitang ng pag-unawa sa ating kasaysayan. Sa kasaysayan at iba pang agham-panlipunan ang "kausap" natin -- ang *pinatutungkulan* ng ating pag-unawa -- ay hindi tayo mismong mga Pilipino kundi ang iba, ang banyaga. Hindi kataka-taka na walang pakialam ang karamihan sa atin na ang ginagamit na wika ay Ingles at hindi pa nating seryosong inaatupag ang pagtatag ng isang malawakang

¹ Ang "panahon ng karimlan" ng paganismo ay sinundan ng "panahon ng pagliwanag" dahil sa Kristiyanismo at kabihasnang Kastila. Cf. Z.A.Salazar, "A Legacy of Propaganda: The Tripartite View of Philippine History," sa Z.A.Salazar (ed.), *The Ethnic Dimension* (Cologne: Caritas, 1983), pah. 106-110.

² Hindi "karimlan" ang panahon bago dumating ang Kastila kundi "kaliwanagan." Ang panahong Kastila ang siyang nagpasama sa kalagayan ng bayang Pilipino. Pag napaalis na ang Kastila, liliwanag muli ang buhay ng bansa. Cf. Salazar, *loc. cit.*, pah. 111 *et seq.*

Mula sa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan, eds. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000, 35-53.

tradisyon sa wikang Pilipino sa historyograpiya at sa iba pang larangan ng iba pang agham at kaalaman.

Ang paglathala ng mga kasaysayan sa Pilipino (kagaya ng kay Propesor Ocampo ngayon) ay isang kontribusyon sa banal na gawaing ito. Ambag din ang libro sa pagpaparami ng mga pag-aaral na pangkasaysayang pampook. Katunayan ang akda ang unang pangkalahatang kasaysayan ng Palawan na batay sa mga batis na pang-artsibo. Liban sa rito'y nakasulat pa sa Pilipino, samantalang ang *History of Palawan* ni Diokno Manlavi ay sa wikang Ingles at batay sa mga "historical data papers" na sinulat ng mga guro sa probinsya.

Dapat salungguhitan ang pagkakaiba ng dalawang sanaysay. Makikitang hanggang sa baitang ng kasaysayang pampook tumatagos ang diwang pangkami sa ating historiograpiya, kung ihahalimbawa ang pagkasulat ng isang kasaysayang probinsya, sa Ingles na kagaya ng akda ni Manlavi. Hindi masisisi rito ang may-akda. Halos 99% siguro ng mga ganitong kasaysayan ay nakasulat sa Ingles. Ang penomeno ay laganap sa buong lipunan ngayon at kahawig sa nangyari noong huling bahagi ng panahong Kastila. Maaaring ang sanhi'y nakaugat sa kolonyalismo subalit ang masaklap ay pinababayaan pang umiral hanggang ngayon ang ganyang diwa, na maihahanay siguro sa tinatawag na "colonial mentality" (o diwang alipin sa pagkasalin ng ilan). Ang buod ng ganyang diwa ay ganito: hindi ang sariling bayan ang sasalaysayan kundi ang banyaga at ang mga katulad kong natutong magbasa at magsulat sa Ingles. Hindi kataka-taka't ang unang nakikinabang sa mga produkto ng diwang pangkami ay yaon na ring pinatutungkulan.

Napakaimportante pa naman ang pampook na kasaysayan sa pagpapalaganap ng isang pangkalahatang kamalayan ng pambansang kasaysayan. Sa aking pakiwari hindi maihihiwalay ang kasaysayang pampook sa kasaysayang pambansa. Walang awtonomiya ang kasaysayang pampook; bahagi siya ng pangkalahatang disiplinang nakatuon sa kabuuan ng bansa. At ito'y makikita sa akda ni Propesor Ocampo, na ang konklusyon nga ay larawang mikrokosmo ng nangyari sa buong Pilipinas ang Palawan.

Ang nailarawang takbo ng mga pangyayari sa libro ay natural lamang na nakakabit sa "gawaing Kastila o Amerikano" sa Palawan. Hangga't hindi tayo magsusulat hinggil sa sarili bilang tagapagpagalaw at tagapagpaliwanag ng mga pangyayaring kinasasangkutan natin hindi tayo magiging sentro ng mga pangyayaring ito. Kaya mahalaga hindi lamang ang maging Pilipino at sa Pilipino ang istoryograpiyang Pilipino kundi ang maging palasulat ang Pilipino hinggil sa mga nangyayari sa kanya at sa bansa. Kailangan ang isang tradisyong pangkasaysayan at ang kamalayang pangkasaysayan. At hindi matatamo ang dalawa kung hindi seryosong maipalalaganap ang pagsusulat ng mga "nakapag-aral" (at ng lahat) sa wikang Pilipino.

Sapagkat mula nga sa kabuuang pambansa ang pagtanaw ng libro sa mga pangyayari sa Palawan, hindi rin napag-ukulan ng lubos na pansin ang mga katutubong "grupong etnolingguwistiko." Hindi "ethnohistory" (*etno-kasaysayan*) ang balak sulatin ni Propesor Ocampo kundi kasaysayang pampook. Di tulad ng kasaysayang pampook na tumitingin sa mga pangyayari mula sa kasaysayang pambansa, ang etno-kasaysayan ay nakatuon sa mga nangyayari sa mga grupong etnolingguwistiko bilang mga kabuuang etniko (*bayan*), kagaya halimbawa ng *Ethnohistory of Northern Luzon* ni Keesing.

Maipapasok siguro ang tadhana ng mga grupong etnolingguwistiko sa isang susunod na pag-aaral. Para sa ganoong gawain kailangang mapag-isa ang dalawang punto-de-bista ng kabuuang pambansa at ng mga “grupong etnolingguwistiko” sa isang matatawag na *kasaysayang etniko*, na magpapakita kung papaano nagkakaapekto ang isang sitwasyong “pamprontera” ng *pagsasalamuhaan* sa bawa’t isa sa mga grupong etnolingguwistiko, tungo sa pagbuo ng Pilipino.

Sa anumang paraan dapat o maaaring pag-aralan ang Palawan o alinmang probinsya o rehiyon sa Pilipinas at ang pangkabuuang kasaysayan ng ating bansa kailangang pag-aralan sila at pag-ibayuhin ang pag-aaral sa kanila. Sa wika natin at sa direksyong tinutungo ni Propesor Ocampo.

Bonn, ika-11 ng Nobyembre 1985

Paunang Salita sa

“*Kasaysayan ng Bulakan*” ni Jaime B. Veneracion **

Ito ang pangalawang publikasyon ng Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan (BAKAS). Kagaya ng *Katutubo, Muslim, Kristiyano: Palawan, 1621-1901* ni Propesor Nilo S. Ocampo, na siyang unang lathala ng BAKAS, ang aklat na ito ni Propesor Jaime B. Veneracion tungkol sa kanyang tinubuang lalawigan ng Bulakan ay isang “kasaysayang pampook.”

Ang dalawang pag-aaral, mangyari pa, ay nakasandal sa pangkabuuang balangkas (anuman ang pagkakahany-hanay ng mga datos sa panahon at sa pagkaunawa) ng kasaysayang pambansa. Subalit may mga elementong tila di maipasok-pasok sa banghay at pang-unawa ng “kasaysayang lokal.” Isa na rito, halimbawa, ang sangkap na etniko: sa libro ni Propesor Ocampo’y hindi makita ang pagkahubog sa kabuuang panlalawigan (na siyang paksa ng pagsusuring pangkasaysayan) mula sa mga *bahaging etniko* (magmula sa mga Kuyunen, Jama Mapun, Batak, Tagbanua, atbp. hanggang sa mga bagong dating nitong ika-20ng dantaon mula sa iba’t ibang dako ng bansa) na nanirahan at bumuo sa probinsya; samantalang sa aklat naman ni Propesor Veneracion ay mapupuna na ang Bulakan ay naging tagpuan -- malikhaing tagpuan, sa kinalabasan -- ng Kapangpangan at Tagalog, habang ang Katagalugan *per se* ay naging laganap sa mga baybay-dagat ng Look Maynila at sa katimugan mismo ng lunsod ni Soliman. Sa madaling sabi, walang pagkakatugma bagamat *may* kinalaman ang kasaysayan ng (mga) sangkap na grupong etniko sa pangkalahatang istorya ng isang kinabibilangang lalawigan.

Natural lamang ito. Isa nang dahilan nito ang pangyayaring ang kasaysayang pampook kadalasa’y kasaysayang pulitikal lamang at, samakatwid, nasasalalay sa mga batis na pang-

** Kolonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1986, pah. xv-xx.

Mula sa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan, eds. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000, 35-53.

administrasyon. Kaya't hindi lamang ang pagkakahati ng mga pook at probinsiya kundi pati na ang pagkakaunawa at pamamalakad ng mga ito'y mula sa pananaw na "administratibo" at pambansa. Hindi katakataka't ang kiling ng pagpapaliwanag kadalasa'y tungo sa mga pangyayaring pulitikal at pambansa at hindi sa partikularidad ng bawat kabuuang lokal na tinatalakay (bagamat ito'y isang gawaing madaling isakatuparan kung ang kabuuang pinapaksa'y talagang titingnan at susuriin sa loob ng -- at bilang kontrast sa -- pangkalahatang pagdaloy ng kasaysayang pambansa). Mananatiling mini-kasaysayang pambansa lamang ang kasaysayang pampook hangga't ito'y hindi magiging "kontrastibo" at hindi magpapakita ng pagkakaiba ng bawat lugar -- bayan man ito o probinsiya -- kung ihahambing sa ibang mga lugar at sa kabuuang pambansa. Mangyari pa, hindi ito nangangahulugan na ang bawat pinapaksang pook (mula sa baryo hanggang sa rehiyon pagkatapos magdaan sa bayan at sa lalawigan) ay ipapalagay nang isang maibubukod na yunit-pangkasaysayan. Lahat ay gumagalaw at dahil dito'y dapat unawain at ipaliwanag sa loob ng pangkalahatang kasaysayang pambansa. Ang bansa ang pinaka-yunit ng pangkasaysayang pag-aaral, ang bansa bilang nagkakaanyo't nahuhubog na kabuuang kultural at pulitikal.

Sa ganitong diwa't kahulugan ay may pagkakaiba ang kasaysayang pampook sa kasaysayang etniko, na maaaring ibukod kung hindi man isalungat sa kasaysayang pambansa. Dito na nga sa kasaysayang etniko maipapasok at matatalakay nang masinsinan ang mga elementong etnikong tila hindi maisama-sama sa paglahad ng isang kasaysayang pampook, bagamat nararamdaman ng istoryador na mahalaga sa pag-unawa't pagpaliwanag ng kanyang paksa.

Ang mga grupong etnolingguwistiko, kagaya ng Katagalugan, Kabataan, Kailukanuhan, Katausugan, Kamangyanan, Kamaranawan, Kabisayaan, atbp., ang pinapaksa ng kasaysayang etniko. Maaaring suriin ang mga grupong etnolingguwistikong ito bilang bahaging-paksa ng aghamtao o antropolohiya -- *i.e.*, pag-aralan kung papaano sila nabuo at nagkahugis bilang *ethnos*, "bayan" o grupo ng tao na may partikular na wika't kultura, isang kakanyahang pangkalinangan. Etno-kasaysayan ("ethnohistory") ang tawag sa bahaging-disiplinang ito ng etnolohiya (aghambayan). Bagamat maisasaalang-alang sa pag-aaral ng kasaysayang pampook at pambansa, wala talagang gaanong kinalaman sa uring ito ng kasaysayan ang etno-kasaysayan. Kung lalampas man sa hangganan ng pinapaksang (mga) *ethnos* ang *ethnohistory*, ito'y tungo lamang sa paghahambing na kroskultural o transkultural. Katulad ng *Ethnohistory of Northern Luzon* ni Keesing, maaaring sa Ingles o sa alinmang wika ang etnokasaysayan dahil sa bahagi ito ng pansilang kamalayan¹ ng alinmang kabuuang pulitiko-kultural na may sariling tradisyong pang-agham.

Ang kasaysayang etniko *per se*, na tatawagin natin ditong "*kasaysayang-bayan*," ang siyang maiuugnay sa kasaysayang pampook at pambansa at dahil dito'y dapat isulat sa wika ng kabuuang pambansa, para sa mga mamamayan nito. Paksa ng kasaysayang-bayan ang siyasatin ang pinagmulan, pagsulong at kalagayan ng mga grupong etno-lingguwistiko sa loob ng isang kabuuang pambansa o bansang-estado.

Sa Pilipino dapat isulat ang kasaysayang-bayan, sapagkat kailangang ipakita sa pamamagitan nito ang pagkakaugnay ng kabuuang pambansa at ng mga sangkap nitong

¹ Tingnan ang Paunang Salita sa aklat ni Nilo S. Ocampo, *Katutubo, Muslim, Kristyano: Palawan, 1621-1901*, na nasa pah. 35-44 ng aklat na ito.

kabayanan o grupong etnolingguwistiko -- *i.e.*, na isang uri -- katunayan, isang mataas na uri -- ng “kabuuang etniko” o pagkabayan (*ethnos*) ang bansa at ang kakanyahan nito’y nagmumula at nakaugat sa lahat ng mga grupong etnolingguwistikong bumubuo sa Kapilipinuhan. Kaya’t, kung tutuusin, may dalawang “lokal” na bahaging-disiplina ang kasaysayang pambansa -- ang kasaysayang pampook at ang kasaysayang bayan: sa huli tinitingnan ang lokal na baitang ng kasaysayan mula sa ibaba, sa punto-de-bista ng kultura, ng mga sangkap-pangkalinangan; samantalang sa una’y nagsisimula ang pagsusuri mula sa itaas, mula sa punto-de-bista ng mga institusyong pulitikal at pang-administrasyon.

Samakatuwid, kapwa ang kasaysayang-bayan at ang kasaysayang pampook ay may kanyang sarili’t nabubukod na araling-larangan. Subalit bawat isa’y may makukuhang kabatiran at pananaw sa katabi’t kasamang disiplina. Ito ang dahilan kung bakit sa mga libro nina Propesor Ocampo at Propesor Veneracion ay lumilitaw ang mga elementong etnikong tila nagpapakita na may mga suliraning pangkasaysayan pang lampas o lumalampas sa pagtatakda ng simpleng kasaysayang pampook. Bahagyang naresolbahan ito ni Propesor Ocampo sa pamamagitan ng pagkahati ng populasyon ng Palawan sa mga “katutubo,” “Muslim” at “Kristyano,” bagamat hindi naipakitang puspusan ang pagkahating ito bilang direksyon ng kasaysayan (ng akulturasyon, halimbawa) at bilang tema ng libro. Gayumpaman, dahil sa napag-ukulan ng pansin ang bahaging etniko, napalalim at naging iba sa pangkaraniwan ang aklat.

Iba rin sa pangkaraniwan ang libro ni Propesor Veneracion. Una sa lahat, dahil sa nabigyang-pansin (bagamat hindi tahasang natalakay, gawa ng pagiging lampas sa nakatakdang hangganan ng paksa bilang kasaysayan ng isang probinsya) ang elementong etniko at laluna ang pagkatagpo ng dalawang sangkap na Kapangpangan at Tagalog. Pangalawa at mas mahalaga, sinikap ni Propesor Veneracion na suriin ang pagsulong ng kasaysayan ng Bulakan sa loob ng isang balangkas na teoretikal. Sa kabila ng pagsusumikap na makita ang malalawak na pagkakaugnay ng mga pangyayari, pinakabuod ng pananaw na ito ang pagpasok ng mga datos (at ang pag-unawa sa kanila) sa loob ng isang kontekstong heograpikal at pang-ekonomiya. Sang-ayon kay Propesor Veneracion, mahahati ang lalawigan ng Bulakan sa tatlong sonang heograpikal at pang-ekonomiya: ang baybay-dagat, ang kapatagan at ang kabundukan, tatlong sonang bawat isa’y naging mahalaga sa pagsulong ng Bulakan, mula sa pagsulpot ng sinaunang tao at ng mga unang pamayanan sa sona ng baybay-dagat hanggang sa pagtatag ng mga asyenda ng prayle at pag-unlad ng mga mestisong sangley sa kapatagan at sa pagiging huling prontera ng kabundukan sa kasalukuyan.

Sa ganang aki’y napatunayan ni Propesor Veneracion ang tesis na ito at naipakita rin niya na maaaring ituring ang lalawigan ng Bulakan, sa mga hangganang pang-administrasyon nito sa agos ng kasaysayan, bilang isang maibubukod na paksang pangkasaysayan. Datapat mahihinuha rin sa kanyang pagsasalaysay na ang Bulakan ay bahagi hindi lamang ng mas malawak na kabuuang pambansa (at ito’y natural lamang sa isang kasaysayang pampook) kundi ng dalawa pang nakapagitang “kabuuang pangkasaysayan” na nararapat maging araling-paksa ng pananaliksik.

Ang una rito’y nabanggit na sa itaas at maaaring maging tema ng isang kasaysayang-bayan: ang Katagalugan. Totoo na ang mga Tagalog ay siyang sumaklaw sa mga baybay-dagat ng Look Maynila mula sa Bataan hanggang sa Batangas, Mindoro at ilang bahagi pa nga ng

Mula sa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan, eds. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000, 35-53.

Masbate. Sa mga pulo at sa Bataan nanatili silang isang populasyong pambaybay-dagat; subalit, sa Luzon mismo, makikita silang tunay na “taga-ilog” -- natunton nila ang mga ilog mula sa aplaya hanggang sa hulo, hanggang sa Laguna de Bai pa nga at sa ibayo nito, tungong Tayabas.

Isang kabayanan o *ethnos*, na kinabibilangan ng mga Taga-Bulakan. Ano nga ba ang pagkakaiba ng mga ito sa mga kapwa nilang Tagalog sa iba’t ibang dako, kung mayroon man? Ang lahing panghari nina Soliman ay talaga nga bang taga-Bulakan o naging ganito lamang dahilan sa pagkatatag ng isang probinsyang Kastila? Ibig sabihin, sa isang kasaysayang-bayan ng mga Tagalog, maipakikita siguro nang mas maliwanag na iba ang pagsulong ng kaisipang pang-estado sa Look ng Maynila; mapalilitaw siguro nang mas klaro ang isang penomenong ekonomiko-pulitikal na laganap hindi lamang sa Kapilipinuhan kundi sa Indonesya: alalaumbaga, ang paghahari bilang pagkakatatagpo ng dalawang rehiyon ng “hulo” at “wawa” ng isang partikular na ilog (tingnan ang halimbawa ng Magindanaw, na ang kaharian ay resulta ng pagkakakumpol ng Buayan sa bandang hulo ng Pulangi at ng Magindanaw sa bandang wawa nito). Sa palagay ko, ang kaharian ng Maynila ay siyang kinalabasan ng mga puwersang pulitikal at pang-ekonomiyang umiral sa dalampasigan ng mga ilog Pampanga at Pasig. Ibig sabihin, manipestasyon ng dalawang rehiyong pangwawa -- *i.e.*, ng Pampanga at ng Pasig -- ang Tondo (kasama ng Meycawayan at marahil Calumpit) at ang may-muog na Maynila, na ang una’y hawak ni Lakan Dula (at marahil ni Laya o Radya Matanda) at ang huli ni Radya Soliman. Bawat isa’y may hinterland: ang Maynila’y nakaaasa sa mga bayan ng ilog Pasig at Marikina hanggang sa Laguna de Bai, samantalang ang Tondo nama’y may mga sakop hanggang sa Pampanga!

Ang Tondo ang siyang may kinalaman sa pagkabuo ng lalawigan ng Bulakan sa unang dantaon ng pananakop ng Kastila, sapagkat ang kahariang itong kakambal ng Maynila ang hinterland ng angkan nina Lakandula at Radya Matanda (Laya). Sinalungguhitan ito ni Propesor Veneracion sa kanyang libro. Dito na rin lumilitaw ang pangalawang “nakapagitan kabuuang pangkasaysayan” na nabanggit sa itaas. Maliwanag na ang kaharian ng Tondo ang siyang naging ekspresyon ng pagkatagpo ng Kapangpangan at Tagalog. Mga taga-Macabebe halimbawa ang humamon sa mga Kastila nang akupahin ng mga ito ang Tondo. Masasabi pa nga sigurong ang Tondo’y isang kahariang Tagalog-Kapangpangan, samantalang ang Maynila ay “purong” Tagalog. Nangangahulugan ang penomeno ng pagkaugnay ng Tondo at ng mga bayan ng Meycawayan, Calumpit at iba pa sa kasalukuyang Bulakan at Pampanga, na isang larangan ng pangkasaysayang pag-aaral ang matatawag na elementong “ekonomiko-heograpikal” -- *i.e.*, sa halimbawa ng Tondo at ng mga puwersang lumikha sa kahariang ito, ang “kapaligiran” ng sistemang-ilog ng Pampanga at Angat. Sa konseptong ito, hindi mapaghihiwalay ang mga Tagalog at Pampango. At sa pag-aaral ng dalawang magkakamag-anak na grupong ito sa loob ng isang heograpikal na milieu, angkop na angkop ang mga metodo at kabatirang nadebelop ni Propesor Veneracion sa pag-aaral niya ng Bulakan. Katunayan, marami pang “kapaligirang ekonomiko-heograpikal” ang mapag-aaralan sa ganitong paraan. Halimbawa, ang mga erya ng Ilog Agno at Golpo ng Lingayen, ng Rio Grande de Cagayan, ng Agusan (na kakikitaan ng kaharian ng Butuan sa bandang wawa), atbp.

Sa kabuuan, kung talagang seryosong aatupagin ang pagsaliksik (*at* pag-unawa) ng kasaysayang pampook -- isang gawaing isinakatuparan ni Propesor Veneracion sa kanyang kasaysayan ng Bulakan -- makikitang hindi maiiwasan na isaalang-alang ang mga elementong

Mula sa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan, eds. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000, 35-53.

“etniko” at “ekonomiko-heograpikal” at lampasan ang pananaw na pawang pulitikal at pang-administrasyon. Ibig sabihin, kailangang lagpasan ang tradisyonal na kasanayan sa paggamit ng at pag-asa sa dokumentong pang-artsibo. Kailangang isulat ang nakaraan; subalit ang malawak na bahagi nito, laluna sa atin sa Pilipinas, ay hindi talagang maibabatay lamang sa nakasulat. Isang batis lamang sa marami (at minsá’y hindi pa nga ang prinsipal) ang nakasulat, sa pag-unawa at pagsasadiwa ng kasaysayan.

Kolonya, ika-21 ng Marso 1986